フィリピノ語版

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 177

Ika-28 ng Disyembre 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL : 054-221-3715


# Mag-ingat sa pekeng website ng Shizuoka Bank!!

May mga text message (SMS) na pinapadala sa mga hindi pinipiling tao na nagpapanggap na mula diumano sa Shizuoka Bank.

(*Nakumpirma din na may mga text message din na nagmula diumano sa mga kumpanya na naghahatid ng mga padala.)

Kapag pinindot ninyo ang link na nakalagay sa text message, iko-konekta kayo sa pekeng "Shizuoka Direct login page" na kahawig ng tunay na website.

Kapag ipinasok ninyo ang inyong ID at password sa pekeng website, maaaring ma-access at manakaw ang naimpok ninyong pera sa bangko.




**Pekeng website na kahawig ng totoong website!!**

(↓Ito ang hitsura ng pekeng login page.)








**Point**

Ang Shizuoka Bank ay hindi nagpapadala ng text message kung saan nakalakip ang link sa website na humihiling na ipasok ang ID at password.

Huwag na huwag ninyong i-klik ang nakalakip na URL sa text message.

Kung sakaling naipasok ninyo ang inyong password, agad agad na tumawag sa "Shizugin Direct Support Center".

**Kapag nakumpirma ninyo na may kahina-hinalang pagpapadala ng pera mula sa inyong account, agad na ipagbigay-alam ito sa pinakamalapit na himpilan ng pulis!**

Pinagmulan: Kapulisan ng Shizuoka, Departamento Laban sa Cyber na Krimen

# Alam ba ninyo na may "Tanggapan ng Pangkalahatang Konsultasyon" para sa mga biktima ng krimen?




Ang lahat ng city hall at munisipyo sa buong bansa ay nagtayo ng "Tanggapan ng Pangkalahatang Konsultasyon" para sa mga biktima ng krimen upang tumugon sa problema sa pamumuhay na dinaranas ng mga nabiktima ng krimen.
Kamakailan, ang lalawigan at mga tagapangasiwa ng tanggapan ng pangkalahatang konsultasyon sa mga lungsod/bayan ay sama-samang nag-isip ng disenyo at pinagpasyahan nila ang "logo" ng tanggapan para sa mga biktima ng krimen. Ang logo ay ginamit ng lahat ng tanggapan sa kanilang "karatula".




# Huwag sarilihin ang problema, kumonsulta na!! ~STOP! ang paninirang-puri dahil sa COVID-19~




Ang mga tao na gustuhin mang umiwas sa pangamba at pag-aalala sa hindi nakikitang kalaban (COVID-19) ay sa halip itinuturing na kalaban ang madaling matukoy na tao tulad ng mga nagka-COVID-19 at mga nagtratrabaho sa mga pagamutan. Nangingibabaw ang damdamin ng pang-aapi at pag-iwas sa mga tinudlang tao at nagpapadala sa damdamin sa pag-atake sa kanila.

Subalit, ang matinding pag-atake sa kapwa ay hindi nararapat. Kapag nakaranas ng pang-aapi mula sa mga di-kilalang tao o di-matukoy na tao, labis itong makakasakit sa damdamin at nagdudulot ng pag-aalala at takot.

Kapag naganap ang gulo sa paninirang puri, kakalat ang mga karaniwan ay hindi natin naiisip na mga pagpapahayag at pagbibitaw ng salita at maaari itong mauwi sa radikalismo.

Kapag kayo ay nabiktima ng paninirang puri, huwag itong sarilihins. Mahalagang ikonsulta ninyo ito sa tanggapan ng mga dalubhasa.

## ○Mga Tanggapan ng Konsultasyon

| Halimbawa ng Kategorya | Nilalaman | Saan dapat kumonsulta (Paglalarawan) |
|---|---|---|
| Paglabag sa Karapatang Pantao (Pangkalahatan) | Gustong kumonsulta dahil nilabag ang sariling karapatang pantao. | → Sentro para sa Kamalayan sa Karapatang Pantao ng Shizuoka (Tel 054-221-3330) |
| Pagtugon sa mga anonymous na paglalathala sa internet | Pakikiusap sa taong nagkamit ng paglabag sa karapatang tao na magbago at kapalit ng biktima, nais makiusap sa internet provider na burahin ang nakalathala sa halip ng biktima. | → Ministerio ng Katarungan (Konsultasyon sa Karapatang Pantao) (Tel 0570-003-110)<br>→ Luponn ng Katarungan, Lupon ng Katarungan Pangrehiyon |
| | Nais malaman ang pagtugon sa nakalathala o paano hilingin na burahin ito at paano tugunan ang iba pang mga problema. | → Ministerio ng Kapakanan ng Lokal na Lugar at Kumunikasyon（Sentro ng Paglabag sa Batas at Impormasyon sa Panganib）https://www.ihaho.jp/guide/index.html |
| Pagtugon sa imbestigasyon | Nais ipa-aresto ang nagkamit ng krimen. | → Fureai Sōdanshitsu ng Kapulisan (Tel #9110)<br>→ Pinakamalapit na himpilan ng pulis |
| Problema ng mamamayan tulad ng pagdemanda ng bayad pinsala | Nais humingi ng tulong sa legal na paglutas sa problema o paghingi ng legal na payo.<br>Nais humingi ng bayad pinsala o nais magdemanda. | → Samahan ng mga Abogado sa Shizuoka (Kailangang magparehistro Tel 054-204-1999)、Hōterasu (Tel 0570-078-374)<br>→ Samahan ng mga Judicial Scriviner (Tel 054-289-3704) |
| Problema sa pinagtratrabahuan | Nais kumonsulta tungkol sa problema sa trabaho. | → Konsultasyon sa Trabaho<br>→ Konsultasyon sa Komplayans sa kumpanya<br>→ Samahan ng mga Abogado sa Shizuoka (Kailangang magparehistro Tel 054-204-1999), Hōterasu (Tel 0570-078-374) |